10

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 - Markahan, Linggo 1 - 4



SCHOOLS DIVISION `OF DINAGAT ISLANDS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 10**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writers:** Razeil Edera Colandog
**Editor:** Christopher D. Balatero
Merlinda T. Japay
Prescilla P. Capisnon
Rhey G. Eder
**Reviewers:**
**Layout Artist:** Jubell Cababat
Jay S. Mateo
Kevin L. Madera
**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by** ______________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: #

| Week 1-2 | Natatalakay ang mga uri ng kasarian (gender, sex at gender roles) sa iba’t-ibang bahagi ng daigdig |
|---|---|

Pangalan: ______________________________ Pangkat: ___________________________



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-10 baitang upang matutuhan mo ang tungkol sa **mga uri ng kasarian (gender, sex at gender roles) sa iba’t-ibang bahagi ng daigdig**. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maunawaan mo ang mga hamon at kaalaman at kasanayan mo na masuri at maunawaan ang mga usaping may kinalaman sa kasarian at lipunan. Makatutulong ang pag-unawang ito na malinang sa iyo ang pagpapahalaga, pagkakapantay-pantay at paggalang sa kapwa bilang kasapi ng isang pamayanan, bansa at daigdig.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Kasarian sa Iba’t-ibang Lipunan**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naipapahayag ang sariling pakahulugan sa kasarian at sex
2. Natatalakay ang gender roles sa Pilipinas sa iba’t-ibang panahon
3. Natataya ang gender roles sa Pilipinas sa iba’t-ibang panahon
4. Nasusuri ang gender roles sa iba’t-ibang bahagi ng daigdig



# *Paunang Pagtataya*

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang mga katanungan sa bawat aytem. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksyunal, emosyonal, sekswal at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya o kasariang higit sa kanya.
   A. Oryentasyong seksuwal	C. Sex
   B. Gender	D. Gender Identity
2. Ito ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangka-sarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya ng siya'y ipinanganak, kabilang ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan kasama ang pananamit, pagsasalita at pagkilos.
   A. Oryentasyong seksuwal	C. Sex
   B. Gender	D. Gender Identity
3. Sila ang mga babae na ang kilos at damdamin ay panlalaki:mga babaeng may pu-song lalaki at umiibig sa kapwa babae
   A. Bisexual	C. Lesbian
   B. Asexual	D. Transgender
4. Sila ang mga taong walang nararamdamang atraksyong seksuwal sa anumang ka-sarian.
   A. Bisexual	C. Lesbian
   B. Asexual	D. Transgender
5. Ano ang tawag sa mga babae na itinatago sa mata ng publiko.
   A. Bigay-kaya	C. Binukot
   B. Alipin	D. Timawa
6. Tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.
   A. Sex	C. Sexual orientation
   B. Gender	D. Sexual Identity
7. Ito ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos at gawain na itinatakda para sa mga babae at lalaki.
   A. Sex	C. Sexual orientation
   B. Gender	D. Sexual Identity
8. Isang proseso ng pagbabago sa ari ng kababaihan (bata o matanda) nang walang anumang benepisyong medical.
   A. Ligation	C. Vagina Repair
   B. Female Genital Mutilation (FGM)	D. Vasectomy
9. Sa India, isinasagawa ng mga Muslim at ilang Hindu ang pagtatabing ng tela sa kab-abaihan upang maitago ang kanilang mukha at maging hubog ng kanilang katawan. Ano ang tawag dito?
   A. Mantilya	C. Abaya
   B. Purdah	D. Maskara

10. Mga nagkakaroon ng seksuwal na pagnanasa sa mga taong nabibilang sa katulad na kasarian, mga lalaking mas gustong lalaki ang makakatalik at mga babaeng mas gusto ang babae bilang seksuwal na kapareha

    A. Heterosexual  C. Bisexual
    B. Homosexual  D. Asexual



## *Pag-aralan*

## Balik-aral.

Ano ang ibig sabihin ng Mura at Flexible Labor?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________

Magbigay ng mga negatibo at positibong epekto ng Omnibus Investment Act of 1987 at Foreign Investment Act of 1991?


______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
___________________

Gawain 1 Simbolo, Hulaan Mo!

Handa ka na bang simulan ang araling ito? Kung handa ka na, subukin mong sagutin kung ano ang kahulugan at ipinahihiwatig ng kasunod na mga simbolo. Isulat ang iyong sagot sa kasunod na mga patlang.







_____________  _________________  ______________

**Pamprosesong tanong**

1. Madali mo bang natukoy ang kahulugan ng unang dalawang simbolo? ng pangatlo?
2. Ano sa palagay mo ang kinakatawan ng mga simbolong ito?

Paksa: **Kasarian sa ibat't-ibang lipunan**

Bawat lipunan sa iba't ibang bahagi ng mundo ay nagkakaroon ng paghahati sa mga miyembro nito ayon sa kasarian. Sa kasaysayan, sa anumang lipunan sa daigdig, lalaki ang karaniwang inaasahang bumuhay sa kaniyang mag-anak. Mauugat ito sa Panahong Paleo-litiko na lalaki ang nangangaso at nangangalap ng pagkain para sa ikabubuhay ng pamilya. Nakakabit naman sa kababaihan ang tungkulin na alagaan ang mga anak at maging abala sa mga gawaing-bahay. Samakatuwid, noon, ang mga lalaki ay nagtatrabaho sa labas ng bahay at ang mga babae ay inaasahang manatili sa loob.

Sa kasalukuyan, bunsod na marahil ng pag-unlad at paglaganap ng ideya ng femi-nismo, nagkaroon na ng malaking pagbabago sa gampanin ng babae. Sa ating bansa, masasabing sa kasalukuyan ay hindi na mahigpit ang lipunan sa pagtatakda ng gampanin ng babae at sa lipunan. Bukod sa lalaki at babae naging hayag o lantad na rin ang mga tina-tawag na LGBT (lesbian, gay, biseksuwal, at transgender) na nagnanais din na matanggap at kilalanin ang kanilang karapatan bilang mamamayan.

**Konsepto ng Gender at Sex**

Ang konsepto ng gender at sex ay magkaiba. Ang sex ay tumutukoy sa kasarian – kung lalaki o babae. Ito rin ay maaaring tumukoy sa gawain ng babae at lalaki na ang layunin ay reproduksiyon ng tao.

Ayon sa World Health Organization (2014), ang sex ay tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki. Samantalang ang gender naman ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itina-takda ng lipunan para sa mga babae at lalaki.

Ang mga aspektong may kinalaman sa sex ay hindi mag-iiba paghambingin man ang mga lipunan subalit sa aspekto ng gender, maaaring malaki ang pagkakaiba-iba ng mga lipunan.




| **Katangian ng Sex** | **Katangian ng Gender** |
|---|---|
| 1. Ang mga babae ay nagkakaroon ng buwanang regla samantalang ang mga lalaki ay hindi.<br>2. Ang mga lalaki ay may testicle (bayag) samantalang ang babae ay hindi nagtataglay nito. | 1. Ang lalaki ay itinuturing na malakas at matipuno samantalang ang mga babae ay tinitingnan bilang mahin-hin at mahihina<br>2. Ang mga lalaki ang magtataguyod sa pamilya samantalang ang mga babae ay inaasahang gagawa ng mga gawaing bahay. |

**Ano ang pagkakaiba ng sexual orientation at gender identity (SOGI)?**

- Ayon sa GALANG Yogyakarta, ang oryentasyong seksuwal (sexual orientation) ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksyonal, emosyonal, sekswal; at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa.



- Ang pagkakakilanlang pangkasarian (gender identity) ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya nang siya'y ipanganak.

Sa simpleng pakahulugan, ang salitang oryentasyong sekswal ay tumutukoy sa iyong pagpili ng iyong makakatalik, kung siya ay lalaki o babae o pareho. Ang oryentasyong sekswal ay maaaring maiuri bilang heterosekswal, homosekswal, at bisekswal. Ang pagkakakilanlang pangkasarian naman ay ang personal na pagtuturing sa anyo o kung ano ang gagawin sa katawan (na maaaring mauwi , kung malayang pinipili, sa pagbabago ng anyo o kung ano ang gagawin sa katawan sa pamamagitan ng pagpapaopera, gamot o iba pang paraan) at iba pang ekspresyon ng kasarian, kasama na ang pananamit, pagsasalita at pagkilos.

Ang oryentasyong seksuwal ay maaaring maiuri bilang *heterosexual* at *homosexual.*

| | |
|---|---|
|  | *Heterosexual* – mga taong nagkakaroon ng atraksyon sa miyembro ng kabilang kasarian, mga lalaki na ang gustong makatalik ay babae at mga babaeng gusto naman ay lalaki. |
|  | *Homosexual – mga* taong nagkakaroon ng atraksyon at seksuwal na pagnanasa sa mga taong nabibilang sa katulad na kasarian. |

Bukod sa babae at lalaki, sa kasalukuyan ay may tinatawag tayong *Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer, Intersex, at Asexual* o mas kilala bilang LGBTQIA+.

| | |
|---|---|
|  | *Lesbian* (tomboy) **-**mga babaeng nakararamdam ng pisikal o romantikong atraksyon sa kapwa babae (tinatawag sa ibang bahagi ng Pilipinas na tibo at tomboy). |
|  | *Gay* (bakla) **-** mga lalaking nakararamdam ng atraksyon sa kanilang kapwa lalaki. May iilang bakla ang nagdadamit at kumikilos na parang babae (tinatawag sa ibang bahagi ng Pilipinas na bakla, beki, at bayot). |
|  | *Bisexual* **-** mga taong nakararamdam ng atraksyon sa dalawang kasarian. |
|  | *Transgender* **-** ang isang taong nakararamdam na siya ay nabubuhay sa maling katawan, ang kaniyang pag-iisip at ang pangangatawan ay hindi magkatugma. |

| | |
|---|---|
|  | *Queer* - mga taong hindi sang-ayon na mapasailalim sa anumang uring pangkasarian, ngunit maaaring ang kanilang pagkakakilanlan ay wala sa kategorya ng lalaki o babae, parehong kategorya o kombinasyon ng lalaki o babae. |
|  | *Intersex* - kilala mas karaniwan bilang *hermaphroditism*, taong may parehong ari ng lalaki at babae. |
|  | *Asexual* **–** mga taong walang nararamdamang atraksyong seksuwal sa anumang kasarian. |

**Pag-aaral sa Kasarian sa Iba't-ibang Lipunan**

***Gender Roles sa Pilipinas***

***Pre-Kolonyal***

- Ang kababaihan sa Pilipinas noon, maging sila man ay kabilang sa pinakamataas na uri o sa uring timawa sa kanilang lipunan, ay pagmamay-ari ng mga lalaki.

- Nagkaroon ng mga binukot o prinsesa ang isang katutubong pangkat sa isla ng Panay at pagbibigay ng tinatawag na bigay-kaya. Ang binukot ay itinuturing na itinagong paborito at pinakamagandang anak ng datu. Hindi siya maaaring tumapak sa lupa at masilayan ng mga kalalakihan hanggang sa magdalaga.

- Ayon sa *Boxer Codex* ang mga lalaki ay pinapayagang magkaroon ng maraming asawa, subalit maaring patawan ng parusang kamatayan ang asawang babae sa sandaling makita niya itong may kasamang ibang lalaki.

- Kung gustong hiwalayan ng lalaki ang kaniyang asawa, maaari niya itong gawin sa pamamagitan ng pagbawi sa ari-ariang ibinigay niya sa panahon ng kanilang pagsasama.

- Kung ang babae ang magnanais na hiwalayan ang kaniyang asawa, wala siyang makukuhang ari-arian.

***Panahon ng Espanyol***

- Sa pagsisimula ng pampublikong paaralan na bukas para sa kababaihan at kalalakihan, mahirap o mayaman, maraming kababaihan ang nakapag-aral.

- Nabuksan ang isipan ng kababaihan na hindi lamang dapat bahay at

  simbahan ang mundong kanilang ginagalawan.

- Ang mga kababaihan ay nagkaroon ng pag-asang umunlad sa sarilli

  nilang pamamaraan.

- Isang espesyal na plebesito ang ginanap noong Abril 30, 1937, 90% ng mga bumoto ay pabor sa pagbibigay-karapatan sa pagboto ng kababaihan. Ito ang simula ng pakikilahok ng kababaihan sa mga isyu na may kinalaman sa politika.

***Panahon ng Hapones***

- Ipinakita ng mga Pilipino ang kanilang kagitingan sa pagtatanggol sa bansa sa abot ng kanilang kakayahan at maging hanggang kamatayan.

- Parehas na lumaban ang mga kalalakihan at kababaihan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

- Ang kababaihan na nagpapatuloy ng kanilang karera na dahilan ng kanilang pag-iwan sa tahanan ay hindi ligtas sa ganitong gawain.

***Kasalukuyang Panahon***

- Patriyarkal man ang paraan ng pamamahala tulad sa Pilipinas subalit nagkaroon din ng puwang ang mga kababaihan at naging lider ng bansa gaya nina dating Pangulong Corazon C. Aquino at Gloria M. Arroyo.

- Ang mga babae, may trabaho man o wala, ay inaasahang gumawa ng mga gawaing-bahay.

- Marami nang pagkilos at batas ang isinulong upang mapagkalooban ng pantay na karapatan sa trabaho at lipunan ang kababaihan, kalalakihan, at iba pang kasarian o napapabilang sa LGBTQIA+.

**Kasaysayan ng LGBT sa Pilipinas**

Sa pagtalakay ng kasaysayan ng LGBT sa Pilipinas, mababanggit ang mga babaylan noong ika-16 hanggang ika-17 siglo. Ang babaylan ay isang lider-ispiritwal na may tungkuling panrelihiyon at maihahalintulad sa mga sinaunang priestess at shaman. Ang salitang babaylan ay sinasabing tumutukoy sa babae, mayroon ding lalaking babaylan – halimbawa ay ang mga asog sa Visayas noong ika-17 siglo - na hindi lamang nagbibihis-babae kundi nagbabalat-kayo ring babae upang ang kanilang mga panalangin umano ay pakinggan ng mga espiritu.

Ang mga lalaking ito, gayunman, ay hindi lamang nagsusuot ng kaugaliang kasuotan ng mga babae, ginagaya rin nila ang mismong kilos ng mga babae, sila rin ay pinagkakalooban ng panlipunang pagkilalang simboliko bilang “tila-babae.” Ilan din sa mga babaylang ito ay kasal sa lalaki, kung saan sila ay may relasyong seksuwal. Habang sila ay tinatanggap at iginagalang sa lipunang pre-kolonyal, para sa mga Espanyol, ang mga babaylan ay hindi lamang nakalilito, sila rin ay kinatatakutan dahil sa kanilang makapangyarihang posisyon.

Sa panahon ng mga Espanyol, ilan sa mga babaylang ito ay nag-iba ng gampanin dahil sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Mula noon, ang lipunang Pilipino ay higit sa lahat tahimik sa mga Pilipinong hindi tumatalima sa kombensiyunal na oryentasyong seksuwal at pagkakakilanlang pangkasarian.

Dekada 60 ang pinaniniwalaang dekada kung kailan umusbong ang Philippine gay culture sa bansa. Sa mga panahong ito, maraming akda ang nailathala na tumatalakay sa homoseksuwalidad. Mababanggit ang mga akda nina Victor Gamboa at Henry Feenstra, Lee Sechrest at Luis Flores.

Sa Pilipinas, ang umiiral na mga konsepto tungkol sa LGBT ay mula sa magkasamang impluwensiya ng international media at ng lokal na interpretasyon ng mga taong LGBT na nakaranas mangibang-bansa. Sa mga huling bahagi ng dekada 80 at unang bahagi ng dekada 90, maraming pagsulong ang inilunsad na naging daan sa pag-usbong ng kamalayan ng Pilipinong LGBT. Maibibigay na halimbawa nito ang paglabas ng **Ladlad**, isang antolohiya ng panulat ng mga Pilipinong miyembro ng gay community na inedit nina Danton Remoto at J. Neil Garcia noong 1993. Maidaragdag din ang sinulat ni Margarita Go-Singco Holmes na **A Different Love: Being Gay in the Philippines** noong 1994.

Isang malaking yugto para sa lesbian activism sa Pilipinas ang naganap nang sumali ang di-kilalang samahan na **Lesbian Collective** sa martsa ng International Women's Day noong Marso 1992. Ito ang kauna-unahang demonstrasyon na nilahukan ng isang organisadong sektor ng LGBT sa Pilipinas.

Ang dekada 90 ang pinaniniwalaang simula ng LGBT movement sa Pilipinas. Itinatag ang ProGay Philippines noong 1993, ang Metropolitan Community Church noong 1992, at ang UP Babaylan (pinakamatandang organisasyon ng mga mag-aaral na LGBT sa UP) noong 1992. Ilang kilalang lesbian organization ang sumulpot noong dekada 90, gaya ng CLIC (Cannot Live in a Closet) at Lesbian Advocates Philippines (LeAP). Unang partidong politikal na kumonsulta sa LGBT community ang partidong Akbayan Citizen's Action Party. Ang konsultasyong ito ang nagbigay-daan sa pagkakabuo ng unang LGBT lobby group – ang Lesbian and Gay Legislative Advocacy Network o LAGABLAB - noong 1999.

Noong Setyembre 21, 2003, itinatag ni Danton Remoto, propesor sa Ateneo de Manila University, ang political na partido na ang Ladlad. Sa simula, hindi pinayagan ng COMELEC ang An Ladlad na tumakbo sa halalan 2010 dahil sa basehang imoralidad. Subalit noong Abril 2010, ang partidong ito ay ganap nang pinaygan ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas na sila ay lumahok sa halalan. Noong 2004 naman, ginanap sa Maynila ang ika-10 anibersaryo ng LGBT pride sa Pilipinas bilang bahagi ng Gay Pride March. Ang pagdiriwang na ito ay dinaluhan ng mga indibidwal na kinikilala ang sarili bilang bahagi ng pamayanan ng LGBT.

*Sanggunian: UNDP, USAID (2014). Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report. Bangkok.*

**Gender Roles sa Iba't-ibang Lipunan sa Mundo**

***Africa at Kanlurang Asya***

Sa mga rehiyong ito ng mundo, mahigpit ang lipunan para sa mga babae lalo na sa mga miyembro ng komunidad ng LGBT. Matagal ang panahong hinintay ng mga babae upang mabigyan sila ng pagkakataong makalahok sa proseso ng pagboto. Nito lamang ikalawang bahagi ng ika-20 siglo nang payagan ng ilang bansa sa Africa at Kanlurang Asya ang mga babae na makaboto. Ngunit nananatili ang kaharian ng Saudi Arabia sa paghihigpit sa mga kababaihan. Hanggang ngayon sila ay hindi pa maaaring bumoto (ayon sa pangako ni Haring Saud, sa taong 2015 pa lamang sila makakaboto sa halalan). Bukod sa hindi pagboto, may pagbabawal din sa mga babae na magmaneho ng sasakyan nang walang pahintulot sa kamag- anak na lalaki (asawa, magulang, o kapatid).

| Talahanayan 3.1Taon ng Pagbibigay Karapatang Bumoto sa Kababaihan | |
|---|---|
| **Kanlurang Asya** | **Africa** |
| Lebanon (1952) | Egypt (1956) |
| Syria (1949, 1953) | Tunisia (1959) |
| Yemen (1967) | Mauritania (1961) |
| Iraq (1980) | Algeria (1962) |

| | |
|---|---|
| Oman (1994) | Morocco (1963) |
| Kuwait (1985, 2005)* | Libya (1964) |
| | Sudan (1964) |

**Binawi ng Kuwait ang karapatang bumoto ng mga babae at muling naibalik noong 2005.*

Ang paglalakbay rin ng mga babae ay napipigilan sapagkat may ilang bansa na hindi pinapayagan ang mga babae na maglakbay nang mag-isa o kung payagan man ay naha-harap sa malaking banta ng pang-aabuso (seksuwal at pisikal).
Ayon sa datos ng World Health Organization (WHO), may 125 milyong kababaihan (bata at matanda) ang biktima ng Female Genital Mutilation (FGM) sa 29 na bansa sa Africa at Kanlurang Asya. Napatunayan ng WHO na walang benepisyong-medikal ang FGM sa mga babae, ngunit patuloy pa rin ang ganitong uri ng gawain dahil sa impluwensiya ng tradisyon ng lipunang kanilang ginagawalan.

Ang **Female Genital Mutilation o FGM** ay isang proseso ng pagbabago sa ari ng kababaihan (bata o matanda) nang walang anumang benepisyong medikal. Ito ay isinasa-gawa sa paniniwalang mapapanatili nitong walang bahid dungis ang babae hanggang siya ay maikasal. Walang basehang-panrelihiyon ang paniniwala at prosesong ito na nagdudulot ng impeksiyon, pagdurugo, hirap umihi at maging kamatayan.

**Ang ganitong gawain ay maituturing na paglabag sa karapatang pantao ng kababaihan.**
Sa bahagi ng South Africa, may mga kaso ng gang-rape sa mga lesbian (tomboy) sa paniniwalang magbabago ang oryentasyon nila matapos silang gahasain. Bukod pa rito, ayon na rin sa ulat na inilabas ng United Nations Human Rights Council noong taong 2011, may mga kaso rin ng karahasang nagmumula sa pamilya mismo ng mga miyembro ng LGBT.

**Pangkulturang Pangkat sa New Guinea**

Taong 1931 nang ang antropologong si Margaret Mead at ang kanyang asawa na si Reo Fortune ay nagtungo sa rehiyon ng Sepik sa Papua New Guinea upang pag-aralan ang mga pangkultura pangkat sa lugar na ito. Sa kanilang pananatili roon nakatagpo nila ang tatlong (3) pangkulturang pangkat; Arapesh, Mundugamur, at Tchambuli. Sa pag-aaral sa gampanin ng mga lalaki at babae sa mga pangkat na ito, nadiskubre nila ang mga pagka-katulad at pagkakaiba nito sa bawat isa, at maging sa Estados Unidos.

Nang marating nina Mead at Fortune ang Arapesh (na nangangahulugang “tao”), wa-lang mga pangalan ang mga tao rito. Napansin nila na ang mga babae at mga lalaki ay kapwa maalaga at mapag-aruga sa kanilang mga anak, matulungin, mapayapa, kooperatibo sa kanilang pamilya at pangkat. Samantala sa kanilang namang pamamalagi sa pangkat ng Mundugumur (o kilala rin sa tawag na Biwat), ang mga mga babae at mga lalaki ay kapwa matapang, agresibo, bayolente, at naghahangad ng kapangyarihan o posisyon sa kanilang pangkat. At sa huling pangkat, ang Tchambuli o tinatawag din na Chambri, ang mga babae at mga lalaki ay may magkaibang gampanin sa kanilang lipunan. Ang mga bababe ay inil-arawan nina Mead at Fortune bilang dominante kaysa sa mga lalaki, sila rin ang naghahan-ap ng makakain ng kanilang pamilya, samantala ang mga lalaki naman ay inilarawan bilang abala sa pag-aayos sa kanilang sarili at mahilig sa mga kuwento.


Sanggunian: (A) Mead, Margaret. *Sex and Temperament in Three Primitive Societies.* HarperCollins *Publishers*, 1963.
http://www.loc.gov/exhibits/mead/field-sepik.html

# *Mga Gawaing Pampagkatuto*

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa mga kahon ang mga kailangang impormasyon.

**Gawain 1A. Gender Timeline**

Natunghayan mo sa iyong nabasang teksto ang papel ng mga babae at lalaki sa iba't ibang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas. Itala mo sa gilid ng mga gender symbol ang gampanin ng babae at lalaki sa kasaysayan ng ating bansa.




**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang mahalagang pagbabago sa papel ng mga babae at lalaki na napansin mo?
2. Sa anong panahon sa kasaysayan ng ating bansa lubos na naabuso ang karapatan ng mga kababaihan? Pangatwiranan
3. Aling panahon nagsimula ang pagbibigay ng pantay na karapatan sa kababaihan at kalalakihan? Bakit?

**Gawain 2. Paghambingin at unawain**

Ang gawaing ito ay naglalayong mapaghambing ang tatlong pangkulturang pangkat sa New Guinea ayon sa pag-aaral na isinasagawa ni Margaret Mead. Sagutan ang kasunod na talahanayan at ang dalawang mahalagang tanong kaugnay nito.

| **Primitibong Pangkat** | **GAMPANIN** | |
|---|---|---|
| | Lalaki | Babae |
| **Arapesh** | | |
| **Mundugumor** | | |
| **Tchambuli** | | |

**Gawain 3. Tukuyin kung ang nasa larawan sa ibaba ay Gender o Sex**




**1.** ______________________



**2.**___________________



**3.**_________________




**4.**______________________




**5.** ___________________



## ***Paglalahat / Repleksyon***

Gawain:

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…

1. ______________________________
2. ______________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________



# *Panapos na Pagtataya*

Panuto: Panuto: Basahing mabuti at unawain ang mga katanungan sa bawat aytem. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Mga nagkakaroon ng seksuwal na pagnanasa sa mga taong nabibilang sa katulad na kasarian, mga lalaking mas gustong lalaki ang makakatalik at mga babaeng mas gusto ang babae bilang seksuwal na kapareha
   A. Heterosexual C. Bisexual
   B. Homosexual D. Asexual
2. Sa India, isinasagawa ng mga Muslim at ilang Hindu ang pagtatabing ng tela sa kababaihan upang maitago ang kanilang mukha at maging hubog ng kanilang katawan. Ano ang tawag dito?
   A. Mantilya C. Abaya
   B. Purdah D. Maskara
3. Isang proseso ng pagbabago sa ari ng kababaihan (bata o matanda) nang walang anumang benepisyong medical.
   A. Liigation C. Vagina Repair
   B. Female Genital Mutilation (FGM) D. Vasectomy
4. Ito ay tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos at gawain na itinatakda para sa mga babae at lalaki.
   A. Sex C. Sexual orientation
   B. Gender D. Gender Identity
5. Tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.
   A. Sex C. Sexual orientation
   B. Gender D. Sexual Identity
6. Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksyunal, emosyonal, sekswal at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya o kasariang higit sa kanya.
   A. Oryentasyong seksuwal C. Sex
   B. Gender D. Gender Identity
7. Ito ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya ng siya'y ipinanganak, kabilang ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan kasama ang pananamit, pagsasalita at pagkilos.
   A. Oryentasyong seksuwal C. Sex
   B. Gender D. Gender Identity
8. Sila ang mga babae na ang kilos at damdamin ay panlalaki:mga babaeng may pusong lalaki at umiibig sa kapwa babae
   A. Bisexual C. Lesbian
   B. Asexual D. Transgender

9. Sila ang mga taong walang nararamdamang atraksyong seksuwal sa anumang kasarian.
    A. Bisexual    C. Lesbian
    B. Asexual    D. Transgender
10. Ano ang tawag sa mga babae na itinatago sa mata ng publiko.
    A. Mongha    C. Binukot
    B. Bilanggo    D. Timawa

## *Susi sa Pagwawasto*

| Paunang Pagtataya | Panapos na Pagtataya |
|---|---|
| 1. A | 1. B |
| 2. D | 2. B |
| 3. C | 3. B |
| 4. B | 4. B |
| 5. C | 5. A |
| 6. A | 6. A |
| 7. B | 7. D |
| 8. B | 8. C |
| 9. B | 9. B |
| 10. B | 10. C |

## *Sanggunian*


Department of Education. Araling Panlipunan 10 Learners Module. 2017.

Pilongo, Mylene. Kasarian sa Iba't-ibang Lipunan. http://www.slideshare.net/mylenepilonngo7/ap10-iba't-ibang-kasarian-sa-lipunan?from_m_app=android

Abesamis, Celeste Ann. Kasarian sa Iba't-ibang Lipunan. www.sepedtambayanph.net/2021/02/grade-10-3rs-quarter-self-learning.html?m=1

https://images.app.goo.gl/SVXTVyAgSgi6DW5RA

http://www.pinterest.ph/pin/493144227952484228

http://images.app.goo.gl/5FytKX1rnYdrzCTv6

http://images.app.goo.gl/hvZkX6KrJhFPB8s68

http://images.app.goo.gl/8DUC5tsMrz9JHa8Y9

http://images.app.goo.gl/Eiy9MxtCyiESzbXWA

http://images.app.goo.gl/ZyaU8pV3NvEQDkv79

| Week 3-4 | **Nasusuri ang diskriminasyon at diskriminasyon sa kababaihan, kalalakihan at LGBT (Lesbian, Gay, Bi – sexual, Transgender)** |
|---|---|

Pangalan: ______________________________________ Pangkat: _________________________

________________________________



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-10 baitang upang matutuhan mo ang tungkol sa **diskriminasyon at diskriminasyon sa kababaihan, kalalakihan, LGBT (Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender).** Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maunawaan mo ang mga hamon at kaalaman at kasanayan mo na masuri at maunawaan ang mga usaping may kinalaman diskriminasyong nararanasan ng mga kababaihan, kalalakihan, at LGBT. Makatutulong ang pag-unawang ito na malinang sa iyo ang pagpapahalaga, pagkakapantay-pantay at paggalang sa kapwa bilang kasapi ng isang pamayanan, bansa at daigdig.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 2: Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

5. Natutukoy ang diskriminasyon sa kababaihan, kalalakihan at LGBT (Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender)
6. Nasusuri ang karahasan sa kababaihan, kalalakihan at LGBT



# *Paunang Pagtataya*

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang mga katanungan sa bawat aytem. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1.Ayon sa ulat ng Mayo Clinic, hindi lamang ang mga kababaihan ang biktima ng karahasan na nagaganap sa isang relasyon o tinatawag na domestic violence, maging ang kalalakihan ay biktima rin nito. Ang sumusunod ay palatandaan ng ganitong uri ng karahasan maliban sa isa.

A. Humihingi ng tawad, nangangakong magbabago
B. Nagseselos at palagi kang pinagdududahang may ibang kalaguyo
C. Sinisisi ka sa kaniyang pananakit o sinasabi sa iyo na nararapat lamang ang ginawa niya sa iyo
D.Sinisipa, sinasampal, sinasakal o sinasaktan ang iyong mga anak o alagang hayop

2. Maaari mong malamang inaabuso ka na kung napapansin mo ang ganitong pangyayari maliban sa isa.

A. Pinagbabantaan ka ng karahasan
B. Sinasaktan ka na (emosyonal o pisikal)
C. Binibigyan ka ng magandang buhay
D. Paulit-ulit ang pananakit

3. Ito ay ang anumang pag-uuri, eksklusiyon o restriksiyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtamasa ng mga babae ng kanilang mga karapatan o kalayaan.

A. pang-aabuso
B. diskriminasyon
C. pagsasamantala
D. pananakit

4. Batay sa datos ng World Health Organization (WHO) may 125 milyong kababaihan (bata at matanda) ang biktima ng Female Genital Mutilation (FGM) sa 29 na bansa sa Africa at Kanlurang Asya. Ano ang pangunahing layunin ng pagsasagawa nito?

A. Pagsunod sa kanilang kultura at paniniwala
B. Upang hindi mag-asawa ang kababaihan
C. Ito ay isinagagawa upang maging malinis ang kababaihan.
D. Upang mapanatiling puro at dalisay ang babae hanggang sa siya ay maikasal

5. Ipinaglaban niya ang karapatan ng mga batang babae sa edukasyon sa Pakistan na naging dahilan sa kanyang pagkabaril sa ulo ng isa sa mga miyembro ng Taliban noong Oktubre 9, 2012.

A. Jejomar Binay
B. Charo Santos-Concio
C. Malala Yousafzai
D. Pia Wurtzbach

6. Ito ay isinasagawa sa bansang China sa paa ng mga kababaihan na pinapaliit hanggang sa tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal o bubog sa talampakan.

A. Foot binding B. Breast ironing C. Female Genital Mutilation D. Suttee

7. ito ay pagbabayo o pagmamasahe sa dibdib ng batang nagdadalaga sa pamamagitan ng bato, martilyo o spatula na pinainit sa apoy.

A. Foot binding B. Breast ironing C. Female Genital Mutilation D. Suttee

8. Ang mga sumusunod ay kabilang sa tinaguriang 7 deadly sins against women maliban sa isa.

A. Sex trafficking at prostitusyon
B. Pambubugbog/pananakit
C. Pag-aalaga at pag-aaroga
D. Sexual Harassment

9. Kaunaunahang transgender na mambabatas sa Pilipinas.

A. Geraldine Roman
B. Geraldine Aranin
C. Geraldin Romero
D. Geraldine Roamano

10. Nagtatag ng Ladlad, isang pamayanan na binubuo ng mga miyembro ng LGBT

A. Danton Romero B. Tim Cook C. Ellen DeGeneres D. Pia Wurtzbach



# *Pag-aralan*

## Balik-aral.

Ano ang kaibahan ng sex sa gender?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
_______________

Si Marie ay 7 buwang buntis. Nagpapa-ultrasound siya at nalamang babae ang kanyang magiging anak. Sex or gender? ____________________________

Naglalaro ng basketball ang kapatid ni Ana na si Luis habang siya ay naglalaba. Sex o gender?

_____________________________________

Gawain 1. Una-unawain mo Ako

Basahin ang sitwasyong nasa loob ng kahon at sagutin ang pamprosesong tanong.

Naaksidente ang isang lalaki at ang kanyang anak, malubha ang lagay ng dalawang biktima. Kaagad silang dinala sa ospital, ngunit nang ooperahin na ang bata nagsalita ang doctor at sinabing “hindi ko yan maaaring operahan, dahil anak ko siya!”

Paano nangyari ito?

**Pamprosesong tanong**

1. Ano ang nilalaman ng kwento?
2. May nakalilitong bahagi ba ang kwento? Ibigay ang bahaging ito?
3. Ipaliwanag kung bakit ka nalito sa kwento.

Paksa: **Diskriminasyon sa mga Lalaki, Babae at LGBT**

Nanatiling malaking isyu at hamon ang pagkakapantay-pantay ayon sa kasarian. Sa Pilipinas, kahit malayo na ang narrating ng kababaihan sa larangan ng politika, negosyo, media, akademya, at iba pang larangan; nanatiling biktima pa rin sila ng DISKRIMINASYON at karahasan. Ngunit hindi lamang sila ang nahaharap sa diskriminasyon at karahasan, maging ang lalaki din ay biktima nito. Panghuli, ang tinatawag ni Hillary Clinton (2011) na “invisible minority”, ay ang mga LGBT, ang kanilang mga kwento ay itinago, inilihim, at marami sa kanila ang nananahimik dahil sa takot. Marami sa kanila ang nahaharap sa malaking hamon ng pagtanggap at pagkakapantay-pantay sa pamilya, paaralan, negosyo, lipunan at maging sa kasaysayan.

Ayon sa pag- aaral na ginawa ng *United Nations Office of the High Commissioner for Human Rights* o UN-OHCHR noong 2011 may mga LGBT (bata at matanda) na nakaranas nang di-pantay na pagtingin at pagtrato ng kanilang kapwa, pamilya, komunidad at pamahalaan. Ang layunin ng araling ito ay nakatuon sa mga isyung kinakaharap ng lipunan na may kaugnayan sa mga LGBT, sa mga babae at mga lalaki bagama't may *CEDAW* o ang *Convention on the Elimination of All Forms of Discriminations Against Women* (1979) na ang mga babae, may ilang mga bansa at insidente pa rin ng hindi-pantay na pagtingin at pagtrato sa mga babae.

Sa araling ito, ilalatag ang impormasyong nagpapakita ng diskriminasyon at karahasan sa mga babae, lalaki, at LGBT. Nakapaloob din sa araling ito ang ilan sa mga halimbawa ng mga nasabing diskriminasyon at karahasan sa ibat' ibang bahagi ng daigdig.

Ang **diskriminasyon** ay ang anumang pag-uuri, eksklusyon, o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtamasa ng lahat ng kasarian ng kanilang mga karapatan o kalayaan.

Mga halimbawa sa mga babae, lalaki at LGBT na naging matagumpay sa kanilang napiling larangan sa kabila ng nararanasang diskriminasyon.




**Ellen DeGeneres (Lesbian)**

Ellen is often first and foremost a comedian. Clips from her show provide comic relief, and she purposefully avoids addressing the muddled and corrupt world of politics. But that changed today when she used her platform, her voice, and a bit of humor, to address a bill that was recently passed in Mississippi, the "Religious Freedom Bill." DeGeneres, like others, is disturbed and distraught that a bill targeted towards the LGBT community was signed into a law. She started the conversation by clarifying that she was not just addressing the law, but the thinking behind it, saying, "I'm not a political person, I'm really not, but this is not politics, this is human rights." The law gives legal backing to discriminate against LGBTQ community members. DeGeneres revealed a bit of personal information to illustrate how she has experienced the same type of discrimination. "I was fired for being lesbian, and I know what it feels like," she said. "I lost everything, but look at me now. I could buy that governor's mansion, flip it, and make a $7 million profit." Her message of "less hate, and more love" was met by a live cheering crowd, as well as online support.



**TIM COOK** (gay)
Ang CEO ng Apple Inc. na gumagawa ng iPhone, iPad, at iba pang Apple products. Bago mapunta sa Apple Corporation nagtrabaho rin si Cook sa Compaq at IBM, at mga kompanyang may kinalaman sa computers.

 **Charo Santos-Concio (Babae)**

Former president of ABS-CBN Corporation Charo Santos- Concio shared the struggles on her path of being ABS-CBN"s first woman president.

Charo Santos-Concio experienced discrimination first-hand as she was given words like "What is she doing her here! during her first meeting as a new hire in ABS-CBN. In a room dominated by men, she also received words that judged her skills as media executive with a remark that goes, "*May alam k aba sa TV? Pampelikula ka lang"*

*"Hindi ako namemersonal eh kasi nga sigoro buo yong loob ko. I know in my heart that I'm Good-I should not be discouraged and I will show you. Instead of taking those statements as a personal insult, I take them as a challenge to my ability as a person to grow up and to level up*" Santos-Concio said

She became the fifth president of ABS-CBN Corporation from March 2008-December 2015. She also served as Chief Content Officer and President of ABS-CBN University.

 **Geraldine Roman (Transgender)**

Siya ang kauna-unahang transgender na mambabatas sa PIlipinas. Kinatawan siya sa lalawigan ng Bataan. Siya ang pangunahing tagapagsulong ng Anti-Discrimination bill sa kongreso. Nakararanas ng diskriminasyon dahil sa kanyang kasarian. Nakakaranas din ng diskriminasyon sa panahon ng pangangampanya para 2016 election.

But during your campaign, it was used against you.
Ah, it was nothing naman. Nasabi ng kalaban ko, "Naku! Karumal-dumal ang kasalanan niya. Nakiki-apid siya sa kapwa lalaki niya."
But people were turned off by my opponent. They know my partner is a kind person. We live in our community. We're just normal people. You can see us buying groceries at the supermarket or having a snack. Kumakain kami ng pancit palabok. We join processions. We're part of the community. So when they started attacking me, and when they tried to involve my partner, it wasn't effective. Despite the attempts of my opponent to fill people with hatred and bigotry and prejudice, people still chose to listen to the good side of their heart.

There were moments when I wanted to back out because of the personal attacks that were being hurled at me by my opponents. I was warned about this, but I never thought that it would hurt that much.

First of all, there were jokes about my anatomy. They mocked me for having taken that decision to undergo sex realignment surgery. What really hurt me the most was when they judged my relationship with God, because my entire life, I have tried my best to maintain a relationship with God and to be a good person. And for people who do not know me, who do not know my heart, to judge me, especially in public, it was painful.
There were moments that I wanted to back out. But I said, "No. I have to prove myself." Because I have good ideas, I know what I'm fighting for. And I know that I would come out a stronger person.



**DANTON REMOTO** (gay)
Isang propesor sa kilalang pamantasan, kolumnista, manunulat, at ma-mamahayag. Nakilala siya sa pagtatag ng Ang Ladlad, isang pamayanan na binubuo ng mga miyembro ng LGBT.

During 2007 election, the Commission on Elections (Comelec) rejected the party list bid of his group, Ang Ladlad. During 2010 election, the Comelec rejected again the Ang Ladlad because of religious immorality. Remoto and the lawyers from Ateneo de Manila and the University of the Philippines-brought their party-list bid the Supreme Court. Focusing on international human rights laws, they fought their right to participate that led to the Supreme Court issuing a temporary restraining order (TRO) in favour of the group.



**Pia Wurtzbach (Babae)**
Si Pia ay nagtrabaho bilang isang modelo sa cosmetics. Sa gulang na 11, sa ilalim ng pangalang Pia Romero, nagtrabaho siya bilang isang aktres at ang pinamahalaan ng ABS-CBN sa theatrical ahensiya na tinatawag na Star Magic. Kabilang sa kanyang mga television credits ay ang teen-oriented serye na K2BU, ang iba't-ibang programang konsert na ASAP, ang antolohiyang romansa naYour Song, ang sitcom show Bora, at ang drama seryeng Sa Piling Mo. Siya ay lumitaw rin sa pelikula tulad ng Kung Ako Na Lang Sana (2003), All My Life (2004), at All About Love (2006). Nanalong miss universe sa taong 2015.

Pia was never the pampered princess. "I've also been a victim of discrimination and racism because I was a Filipino in England. I had a hard time getting a job in the kitchen because I'm a girl. I've experienced relationships na parang minamaliit yung babae. I don't like that. That kind of pushed me to try what guys do. Why do I have to listen to you guys? I can do whatever I want. And I hope that's the kind of message that I send to other girls too. That you can do whatever you want. You don't have to hold back."



**Si Jejomar Binay (Lalaki**)
Dating pangalawang pangulo ng Pilipinas. Naging biktima iya ng diskriminasyon sa pisikal niyang kaanyuan. Hindi niya pinansin ang mga diskriminasyong nararansan niya sa halip nag pokos lamang siya sa kanyang mga gampanin bilang pangalawang pangulo ng Plipinas.

Minamaliit ang kanyang pagkatao dahil sa kulay ng kanyang balat at pagiging pandak.

Mga halimbawang usap-usapan sa media sa panahom ng kampanya sa election ng siya ay tumatakbong pangalawang pangulo ng ating bansa: paano ka nakasigurong si jojo obama, este jojo binay ang mananalo sa vice pres.? eh mas malabo pa sa kulay nya na manalo. Maitim ang budhi kasing itim sa balat nya.

### Si Malala Yousafzai at ang Laban sa Edukasyon ng Kababaihan sa Pakistan

Nakilala si Malala Yousafzai habang lulan ng bus patungong paaralan, nang siya ay barilin sa ulo ng isang miyembro ng Taliban noong ika-9 ng Oktubre 2012 dahil sa kanyang paglaban at adbokasiya para sa karapatan ng mga batang babae sa edukasyon sa Pakistan. Kinondena hindi lamang ng mga Muslim ang pagtatangka sa buhay ni Malala. Bumuhos ang tulong pinansyal upang agarang mabigyang lunas ang pagbaril sa kanyang

ulo. Sino nga ba si Malala? Ipinanganak siya noong ika-2 ng Hulyo 1997 sa Mingora, Swat Valley, sa hilagang bahagi ng Pakistan, malapit sa Afghanistan. Taong 2007 nang masakop ng mga Taliban ang Swat Valley sa Pakistan at mula noon ipinatupad nila ang mga patakarang nakabatay sa batas Sharia ng mga Muslim. Kabilang sa mga ito ay ang pagpapasara ng mga dormitoryo at paaralan para sa mga babae, nasa mahigit 100 paaralan ang kanilang sinunog sa Pakistan upang hindi na muli pang makabalik ang mga babae sa pag-aaral. Sa mga taong ito, isang batang babae pa lamang si Malala na nangangarap na makapag-aral. Nagsimula ang mga pagpapahayag ni Malala ng kanyang mga adbokasiya noong 2009. Lumawak ang impluwensiya ni Malala dahil sa kanyang pagsusulat at mga panayam sa mga pahayagan at telebisyon. Dahil dito, nakatanggap ng mga banta sa kanilang buhay ang pamilya ni Malala, ngunit hindi ito naging hadlang upang ipagpatuloy niya ang paglaban para sa edukasyon ng mga babae sa Pakistan.

Ang pagbaril kay Malala ang nagpakilala sa mundo ng tunay na kalagayan ng edukasyon ng mga babae sa Pakistan. Matapos niyang maoperahan, iba't ibang mga pagkilala at pangaral ang kanyang natanggap ngunit hindi niya kinalimutan ang mga kapwa niya babae hindi lamang sa Pakistan, maging sa iba pang bahagi ng daigdig. Itinatag niya noong 2013 ang Malala Fund, isang organisasyong naglalayon na magkapagbigay ng libre, ligtas, at de-kalidad na edukasyon sa loob ng 12 taon. Naglaan din ang pamahalaan ng Pakistan ng malaking pondo para sa edukasyon ng mga babae. Iginawad din sa kanya ang Nobel Peace Prize kasama ang aktibistang si Kailash Satyarthai noong 2014. Nakapagpatayo na rin siya ng paaralan sa Lebanon para sa mga batang babae na biktima ng digmaang sibil sa Syria. Sa kasalukuyan, patuloy ang pagpapakilala ni Malala sa tunay na kalagayan edukasyon ng mga batang babae sa iba't ibang bahagi ng daigdig sa pakikipagkita at pakikipag-usap sa mga pinuno ng iba't ibang bansa at pinuno ng mga organisasyong sibil at non-government organizations o NGOs gaya ng United Nations at iba pa.

> Ang Taliban ay isang kilusang politikal na nagmula sa Afghanistan. Tinutuligsa ang Taliban sa konserbatibong pananaw at pag-intindi nito sa Qur'an. Itinuturing ng Estados Unidos na terorista ang grupong Taliban. Ilan sa mga akusasyong ibinabato sa Taliban ay massacre, human trafficiking, di-pantay na pagtrato sa kababaihan, at suicide bombings.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Sino si Malala Yousafzai?

2. Ano ang kanyang ipinaglaban na nagresulta sa pagbaril sa kanya ng mga Taliban?

3. Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa pag-atake kay Malala?

4. Paano nakaapekto kay Malala ang pagtatangka sa kaniyang buhay?

5. Ikaw, bilang mamamayan, ano ang aral na maari mong makuha sa buhay ni Malala?

## Paksa: **Karahasan sa mga Lalaki, Kababaihan, at LGBT**

Ayon sa pag-aaral na inilabas ng United Nations Development Programme (UNDP) at ng United States Agency for International Development (USAID) na may titulong "Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report", ang mga LGBT ay may kakaunting oportunidad sa trabaho, bias sa serbisyong medikal, pabahay at maging sa edukasyon. Sa ibang pagkakataon din, may mga panggagahasa laban sa mga lesbian. At ang patuloy na pagpatay sa mga LGBT kahit na patuloy ang panawagan sa pagkakapantay- pantay at kalayaan sa lahat ng uri ng diskriminasyon at pang-aabuso. Ayon sa ulat ng Transgender Europe noong 2012 may 1,083 LGBT ang biktima ng pagpatay mula 2008- 2012.

Noong 2011, ang United Nations Human Rights Council ay nagkaroon ng ulat tungkol sa mga ebidensya at kaso ng mga diskriminasiyon at karahasan laban sa mga LGBT. Ang bansang Uganda ay nagpasa ng batas na “Anti-Homosexuality Act of 2014” na nagsasaad na ang same- sex relations at marriages ay maaaring parusahan ng pangha-bambuhay na pagkabilanggo.

Ang kababaihan, sa Pilipinas man o sa ibang bansa, ay nakararanas ng pang-aalipusta, hindi makatarungan at di pantay na pakikitungo at karahasan. Ang mababang pagtingin sa kababaihan ay umiiral na noon pa sa iba’t ibang kultura at lipunan sa daigdig. Mababanggit ang kaugaliang foot binding noon sa China na naging dahilan ng pagkakapa-ralisa ng ilang kababaihan.



Ang foot binding ay isinasagawa ng mga sinaunang babae sa China. Ang mga paa ng mga babaeng ito ay pinapaliit hanggang sa tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal o bubog sa talampakan. Ang korte ng paa ay pasusunurin sa bakal o bubog sa pamamagitan ng pagbali sa mga buto ng paa nang paunti-unti gamit ang telang mahigpit na ibinalot sa buong paa.



Ang tawag sa ganitong klase ng mga paa ay lotus feet o lily feet. Halos isang milenyong umiral ang tradisyong ito. Ang pagkakaroon ng ganitong klase ng paa sa simula ay kinikilala bilang simbolo ng yaman, ganda, at pagiging karapat-dapat sa pagpapakasal. Subalit dahil sa ang mga kababaihang ito ay may bound feet, nalimitahan ang kanilang pagkilos, pakikilahok sa politika, at ang kanilang pakikisalamuha.

Tinanggal ang ganitong sistema sa China noong 1911 sa panahon ng panunungkulan ni Sun Yat Sen dahil sa di-mabuting dulot ng tradisyong ito. Ano ba ang karahasan sa kababaihan? Ayon sa United Nations, ang karahasan sa kababaihan (violence against women) ay anumang karahasang nauugat sa kasarian na humahantong sa pisikal, seksuwal o mental na pananakit o pagpapahirap sa kababaihan, kasama na ang mga pagbabanta at pagsikil sa kanilang kalayaan.

May ilang kaugalian din sa ibang lipunan na nagpapakita ng paglabag sa karapatan ng kababaihan. Subalit ang nakakalungkot dito, ang pagsasagawa nito ay nag-uugat sa maling paniniwala. Mababanggit na halimbawa ang breast ironing o breast flattening sa Africa.

*Ang **breast ironing** o **breast flattening** ay isang kaugalian sa bansang Cameroon sa kontinente ng Africa. Ito ang pagbabayo o pagmamasahe ng dibdib ng batang nagdadalaga sa pamamagitan ng bato, martilyo o spatula na pinainit sa apoy. May pananaliksik noong 2006 na nagsasabing 24% ng mga batang babaeng may edad siyam ay apektado nito. Ipinapaliwanag ng ina sa anak na ang pagsagsagawa nito ay normal lamang at ang mga dahilan nito ay upang: maiwasan ang (1) maagang pagbubuntis ng anak; (2) paghinto sa pag-aaral; at (3) pagkagahasa. Ang mga dahilan na nabanggit ay mula sa paniniwala ng*





Bukod sa sampung rehiyon ng Cameroon, isinasagawa rin ang breast ironing o breast flattening sa mga bansang Benin, Chad, Ivory Coast, Guinea-Bissau, Guinea-Conakry, Kenya, Togo, at Zimbabwe. Bukod sa pagiging mapanganib ng breast ironing,

marami ring kritisismo ang binabato sa pagsasagawa nito. Ang GIZ (German Development Agency) at RENATA (Network of Aunties), ay ilan sa mga organisasyong sumusuporta sa kampanya ng mga batang ina na labanan ang patuloy na pag-iral ng gawaing ito. Ayon sa ulat ng GIZ, 39% ng mga kababaihan sa Cameroon ang di panig sa pag-iral ng breast ironing, 41% ang nagpapakita ng pagsuporta at 26% ay walang pakialam

Ang karahasan sa kababaihan ay hindi lamang problema sa Pilipinas kundi pati narin sa buong daigdig. Sa katunayan, itinakda ang Nobyembre 25 bilang *International Day for the Elimination of Violence Against Women.* Tunghayan mo ang istadistika sa susunod na pahina.

Ayon sa inilabas na ulat ng Mayo Clinic, hindi lamang kababaihan ang biktima ng karahasan na nagaganap sa isang relasyon o ang tinatawag na domestic violence, maging ang kalalakihan ay biktima rin. Ayon pa sa ulat, ang ganitong uri ng karahasan sa mga lalaki ay hindi madaling makita o kilalanin. Ang ganitong uri ng karahasan ay may iba't ibang uri; emosyonal, seksuwal, pisikal, at banta ng pang-aabuso. Tandaan din na ito ay maaaring maganap sa heterosexual at homosexual na relasyon. Ngayon, iyong tunghayan ang mga palatandaan ng ganitong uri ng karahasan.

**Ikaw ay nakararanas ng domestic violence kung ang iyong kapareha ay:**

- tinatawag ka sa ibang pangalang hindi maganda para sa iyo at sa ibang tao, ini-insulto ka;
- pinipigilan ka sa pagpasok sa trabaho o paaralan;
- pinipigilan kang makipagkita sa iyong pamilya o mga kaibigan; sinusubukan kang kontrolin sa paggastos sa pera, saan ka pupunta at kung ano ang iyong mga isusuot;
- nagseselos at palagi kang pinagdududahan na nanloloko;
- nagagalit kung umiinom ng alak o gumagamit ng droga;
- pinagbabantaan ka na sasaktan;
- sinisipa, sinasampal, sinasakal o sinasaktan ang iyong mga anak o mga alagang hayop;
- pinipilit kang makipagtalik kahit labag sa iyong kalooban at
- sinisisi ka sa kanyang pananakit o sinasabi sa iyo na nararapat lamang sa iyo ang ginagawa niya sa iyo.

**Ito naman ay para sa mga bakla, bisexual at transgender:**

- Pinagbabantaan kang sasabihin sa iyong pamilya, mga kaibigan at mga kakilala ang iyong oryentasyong seksuwal at pagkakakilanlang pangkasarian
- Sinasabi sa iyo na hindi tutulungan ng pamahalaan ang mga gay, bi-sexual at transgender
- Sinasabi sa iyo na ang mga lalaki ay natural na bayolente

**Maari mong malamang inaabuso ka na kung napapansin mo ang ganitong pangyayari:**

- pinagbabantaan ka ng karahasan.
- sinasaktan ka na (emosyonal o pisikial)
- humihingi ng tawad, nangangakong magbabago, at nagbibigay ng suhol.
- Paulit-ulit ang ganiong pangyayari.
- Kadalasang mas dumadalas ang pananakit at karahasan at mas tumitindi sa paglipas ng panahon.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat sa mga kahon ang mga kailangang im-por masyon

**Gawain 2.** Hanggang Ka-Ilan?

Kasunod ang isang istadistika tungkol sa karahasan sa kababaihan. Basahin mo itong mabuti at sagutin ang gawain na kasunod nito. Isulat sa loob ng bulaklak ang iyong sagot

**ISTADISTIKA NG KARAHASAN SA KABABAIHAN**

- Isa sa bawat limang babae na nasa edad 15-49 ang nakaranas ng pananakit na pisikal simula edad 15, anim na porsyento ang nakaranas ng pananakit na pisikal.

- 6% ng mga babaeng 15-49 ang nakaranas ng pananakit na seksuwal

- Isa sa apat na mga babaeng kasal na may edad 15-49 ang nakaranas ng emosyonal, pisikal at pananakit na sekswal mula sa kanilang mga asawa.

- Mula sa mga babaeng may asawa at kasal na nakaranas ng pisikal/seksuwal na pang-aabuso sa loob ng 12 buwan bago ang sarbey, 65% ang nagsabing sila ay nakaranas ng pananakit.

(Mula sa 2013 National Demographic Health Survey ng National Statistics Office)

Ang GABRIELA (General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action) ay isang samahan sa Pilipinas na laban sa iba't ibang porma ng karahasang nararanasan ng kababaihan na tinagurian nilang Seven Deadly Sins Against Women. Ang mga ito ay ang (1) pambubugbog/pananakit, (2) panggagahasa, (3) incest at iba pang seksuwal na pang-aabuso, (4) sexual harassment, (5) sexual discrimination at ex-ploitation, (6) limitadong access sa reproductive health, (7) sex trafficking at prostitusyon. Ngayong nabasa mo na ang istadistika tungkol sa karahasan sa kababaihan, sagutin ang gawain. Isulat sa loob ng kahon sa kanan ang iyong sagot sa katanungan sa bawat bilang.

Mula sa mga datos na iyong nakita sa istadistika, sagutin ang sumusunod na tanong:

Ilan ang porsyento ng babaeng nagbuntis ang nakaranas ng pananakit na pisikal habang sila ay nagdadalang-tao?

Ilan sa bawat 10 babaeng nasa edad na 15-49 ang nakaranas ng pananakit na seksuwal?

Ilan sa bawat 5 babaeng nakaranas ng pananakit na pisikal/seksuwal ang nakaranas ng masamang epekto sa kanilang pangsikolohikal na kondisyon?

**Gawain 3.** Paghahambing sa Edukasyon ng Pakistan at Pilipinas

Batay sa kwento ng buhay at pakikipaglaban ni Malala Yousafzai sa mga Taliban sa Pakistan, paghambingin ang kalagayan edukasyon ng mga batang babae sa Pilipinas at Pakistan. Maari pang magsaliksik upang mas mapalalim ang pag-unawa sa paksa.

EDUKASYON NG KABABAIHAN

| Pakistan | Pilipinas |
| --- | --- |
| | |

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sistema ng edukasyon ng Pakistan at Pilipinas? Ipaliwanag.
2. Alin sa dalawang bansa ang may higit na pagkakataon sa pag-aaral na ibinibigay sa mga kaba
baihan? Ipaliwanag.



## *Paglalahat / Repleksyon*

Gawain:

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

2 — 2 interesadong bagay na natu-tunan ko

Natutunan ko ang…

1. ______________________________
2. ______________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________



## *Panapos na Pagtataya*

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang mga katanungan sa bawat aytem. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nagtatag ng Ladlad, isang pamayanan na binubuo ng mga miyembro ng LGBT
   A. Danton Romero    Tim Cook    C. Ellen DeGeneres    D. Pia Wurtzbach
2. Kaunaunahang transgender na mambabatas sa Pilipinas.
   A. Geraldine Roman    C. Geraldin Romero
   B. Geraldine Aranin    D. Geraldine Roamano
3.Ang mga sumusunod ay kabilang sa tinagurian 7 deadly sins against women maliban sa isa.
   A. Sex trafficking at prostitusyon    C. Pag-aalaga at pag-aaroga
   B. Pambubugbog/pananakit    D. Sexual Harassment
4. Ito ay pagbabayo o pagmamasahe sa dibdib ng batang nagdadalaga sa pamamagitan ng bato, martilyo o spatula na pinainit sa apoy.
   A. Foot binding    B. Breast ironing    C. Female Genital Mutilation    D. Suttee
5.Ito ay isinasagawa sa bansang China sa paa ng mga kababaihan na pinapaliit hanggang sa tatlong pulgada gamit ang pagbalot ng isang pirasong bakal o bubog sa talampakan.
   A. Foot binding    B. Breast ironing    C. Female Genital Mutilation    D. Suttee
6.Ayon sa ulat ng Mayo Clinic, hindi lamang ang mga kababaihan ang biktima bg karahasan na nagaganap sa isang relasyon o tinatawag na domestic violence, maging ang kalalakihan ay biktima rin nito. Ang sumusunod ay palatandaan ng ganitong uri ng karahasan MALIBAN sa isa.
   A. Humihingi ng tawad, nangangakong magbabago
   B. Nagseselos at palagi kang pinagdududahang may ibang kalaguyo
   C. Sinisisi ka sa kaniyang pananakit o sinasabi sa iyo na nararapat lamang ang ginawa niya sa iyo
7.Sinisipa, sinasampal, sinasakal o sinasaktan ang iyong mga anak o alagang hayop Maaari mong malamang inaabuso ka na kung napapansin mo ang ganitong pangyayari maliban sa isa.
   C. Pinagbabantaan ka ng karahasan    C. Binibigyan ka ng magandang buhay
   D. Sinasaktan ka na (emosyonal o pisikal)    D. Paulit-ulit ang pananakit
8.Ito ay ang anumang pag-uuri, eksklusiyon o restriksiyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtamasa ng mga babae ng kanilang mga karapatan o kalayaan.
   A. pang-aabuso    C. pagsasamantala
   B. diskriminasyon    D. pananakit
9.Batay sa datos ng World Health Organization (WHO) may 125 milyong kababaihan (bata at matanda) ang biktima ng Female Genital Mutilation (FGM) sa 29 na bansa sa Africa at Kanlurang Asya. Ano ang pangunahing layunin ng pagsasagawa nito?
   A. Pagsunod sa kanilang kultura at paniniwala
   B. Upang hindi mag-asawa ang kababaihan
   C. Ito ay isinagagawa upang maging malinis ang kababaihan.
   D. Upang mapanatiling puro at dalisay ang babae hanggang sa siya ay maikasal
10.Ipinaglaban niya ang karapatan ng mga batang babae sa edukasyon sa Pakistan na naging dahilan sa kanyang pagkabaril sa ulo ng isa sa mga miyembro ng Taliban noong Oktubre 9, 2012.
   A. Jejomar Binay    C. Malala Yousafzai
   B. Charo Santos-Concio    D. Pia Wurtzbach

## *Susi sa Pagwawasto*

| Paunang Pagtataya | |
|---|---|
| 6. A | 11. A |
| 7. B | 12. C |
| 8. C | 13. B |
| 9. A | 14. D |
| 10. A | 15. C |

| Panapos na Pagtataya | |
|---|---|
| 6. A | 11.A |
| 7. C | 12.A |
| 8.B | 13.C |
| 9. D | 14.B |
| 10. C | 15.A |

## *Sanggunian*


Department of Education. Araling Panlipunan 10 Learners Module. 2017.

http://www.refinery29.com/en-us/2016/04/1-78/46/ellen-degeneres-anti-lgbt-law-response

http://www.gmanetwork.com/news/newstv/bawalang pasaway/566856/kauna-unahang-transgender-sa-kongreso-sasalang-sa-hot-seat-ng-bawal-ang-pasaway/story/

http://business.time.com/2013/12/15/apple/ceo-tim-cook-gives-remarkable-speech-on-gay-rights-racism/

http://lionheartv.net/2021/03/charo-santos-concio-talks-about-her-path-of-being-abs-cbn-first-woman-president/

http://www.manilatimes.net/2010/01/24/weekly/the-sunday-times-danton-remoto/636497/amp/

http://images.app.goo.gl/nt7iGBA73AXzqwwN8

http://misspiawurtzbach.wordpress.com/2016/05/21/talambuhay-ng-isang-miss-universe

http://gulfnews.com/world/asia/philippines/binay-shrugs-off-off-jokes-on-his-dark-skin-colour-1.1279290

http://images.app.goo.gl/cn7C6xsuFM6Rd5R2A

http://www.orijinculture.com/community/wp-content/uploads/2012/06/breast-ironing3.jpg